



## KIT NG PAGKAKABIT NG FAIRING SPEAKER HARNESS (PN 76001100)

### PANGKALAHATAN

#### TALA

Ang bagong kabit na audio system at mga speaker ay hindi magpe-play ng audio hangga't hindi ito naikukumpigura gamit ang mobile app ng Harley-Davidson o ng isang awtorisadong dealership ng Harley-Davidson.

#### Talahanayan 1.

Harley-Davidson Audio Powered by Rockford Fosgate®	
Kit	QR Code
76001100	N/A

#### TALA

Ang iba't ibang henerasyon ng mga speaker, amplifier, at wiring para sa mga sasakyang Harley-Davidson ay hindi dinisenyo o sinubukan upang gumana nang sama-sama. Pakikonsulta ang iyong dealership upang matiyak ang pinakamahusay na paggana at pagkakatugma.

### Mga Modelo

Para sa impormasyon ukol sa fitment ng modelo, tingnan ang retail na katalogo ng P&A o ang seksyon ng Mga Piyesa at Accessory ng [www.harley-davidson.com](http://www.harley-davidson.com) (Ingles lamang).

Siguraduhin na ginagamit mo ang pinakabagong bersyon ng pahina ng tagubilin na makukuha sa: [h-d.com/isheets](http://h-d.com/isheets)

Makipag-ugnayan sa Harley-Davidson Customer Support Center sa 1-800-258-2464 (para sa U.S. lang) o sa 1-414-343-4056.

### Mga Kinakailangan sa Pagkakabit

I-download ang mobile app ng Harley-Davidson.

Ang harness na ito ay ginagamit sa **2014 at mas bagong CVO FLHTKSE** at **2015-2016 FLTRUSE** na mga modelo ng mga audio system ng Harley-Davidson.

Ang mga item na ito ay makukuha sa iyong dealership ng Harley-Davidson.

- Kailangan ng hiwalay na pagbili ng Harley-Davidson na Primary Amplifier at Dongle Kit (Piyesa Blg. 76000997) para sa pagkakabit na ito.
- Kailangan ng hiwalay na pagbili ng Kit ng Pagkakabit Pangunahing Amplifier ng Harley-Davidson (Piyesa Blg. 76000974 o 76001045) para sa pagkakabit na ito.
- Kailangan ng hiwalay na pagbili ng Harley-Davidson Stage 1 o 2 na Kit ng Speaker (Piyesa Blg. 76000980, 76000981, 76000982 o 76000983) sa pagkakabit na ito.

#### ▲ BABALA

Ang kaligtasan ng nagmamaneho at pasahero ay nakasalalay sa tamang pag-i-install ng kit na ito. Gamitin ang naaangkop na mga pamamaraan sa manwal ng serbisyo. Kung ang pamamaraan ay hindi abot ng iyong kakayahan o wala kang mga angkop na kasangkapan, ipagawa sa isang dealer ng Harley-Davidson ang pag-i-install. Ang maling pag-i-install ng kit na ito ay maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00333b)

Inirerekomenda ang pagkakabit ng technician sa isang Harley-Davidson dealership.

### Mga Nilalaman ng Kit

Tingnan ang Figure 3 at Talahanayan 2 .

### MAGHANDA

#### ▲ BABALA

Upang maiwasan ang aksidenteng pag-andar ng sasakyan, na maaaring magdulot ng kamatayan o malubhang pinsala, alisin ang pangunahing fuse bago magpatuloy. (00251b)

#### TALA

Tumutukoy sa impormasyon sa manwal ng serbisyo ang pahina ng tagubilin na ito. Ang manwal ng serbisyo para sa taon/modelo na ito ng motorsiklo ay kinakailangan para sa pagkakabit na ito. Mayroong isa na makukuha mula sa dealer ng Harley-Davidson.

1. Alisin ang kaliwa at kanang saddlebag.
2. Alisin ang kaliwa at kanang takip.
3. Tanggalin ang pangunahing fuse.

#### TALA

**Mga modelong may seguridad:** I-disable ang sistema ng seguridad.

4. Alisin ang upuan.
5. Tanggalin ang tangke ng gasolina.
6. Tanggalin ang takip ng wire trough.
7. Tanggalin ang windshield.

8. Tanggalin ang panlabas na fairing.

- a. Para sa mga modelo na may hindi natatanggal na fairing, tanggalin ang headlamp.

## IKABIT

1. Ikonekta ang fairing speaker harness.

- a. Tingnan ang Figura 2. Idiskonekta ang connector ng harness ng amplifier (1).
- b. Tanggalin ang stock na amplifier at ang mga pang-mount na bracket ng amplifier.

c. **Ang mga modelo na may fairing na nakakabit sa fork:** Ikabit ang apat na turnilyo pabalik sa taas ng radyo.

d. Ikonekta ang connector ng amplifier (1) sa bypass connector ng amplifier (2).

e. Iruta ang harness sa panloob na fairing na malapit sa steer head.

2. Iruta ang harness sa backbone wire trough.

3. Iruta ang [349A] patungo sa may takip sa kanang panig at panlabas na harness ng pangunahing amplifier.

4. Ikonekta ang [349A] sa [349B] ng panlabas na harness ng pangunahing amplifier.





Figure 1. Fairing Speaker Harness



**Figure 2. Ipinakikita ang Fairing na Nakakabit sa Fork, Pareho rin ang Hindi Natatanggal na Fairing**

## KUMPLETUHIN

### TALA

*Upang maiwasan ang posibleng pagkasira ng sound system, tiyakin na naka-OFF ang ignisyon bago ikabit ang pangunahing fuse.*

1. Ikabit ang pangunahing fuse.

2. **TALA**

*Bago ikabit ang panlabas na fairing, tiyaking maayos na gumagana ang mga speaker. Mangyaring malaman na maaaring makarinig ng ingay, langitngit, at garalgal hanggang sa maikabit ang panlabas na fairing.*

I-ON ang ignisyon, ngunit huwag paandarin ang sasakyan.

3. Tiyakin na gumagana ang mga speaker at tama ang paggana ng fader function sa harap/likod. Kung hindi, suriin ang wiring ng speaker.

4. Ikabit ang panlabas na fairing.

5. Ikabit ang windshield.

6. Ikabit ang takip ng wire trough.

7. Ikabit ang tangke ng gasolina.

8. Ikabit ang upuan.

9. Ikabit ang kaliwa at kanang takip sa gilid.

10. Ikabit ang kaliwa at kanang saddlebag.

## APP SETUP

1. **Unresolved graphic link (id=40126-100120)** Pag-access sa iyong audio system.
  - a. I-pair ang device (1) sa system.
  - b. I-access ang mga menu nga app (2) upang mai-setup ang sound system.  
{0} (Pahina ?)
2. **Unresolved graphic link (id=40126-100121)** Scree ng main menu.
  - a. Icon ng main menu (1).
  - b. I-reset o palitan ang security personal identification number (PIN) (2).
  - c. I-edit at palitan ang pangalan ng iyong system (3).
  - d. I-customize ang main menu gamit ang larawan ng iyong bike (4).
  - e. Tagapagpahiwatig ng pagkakakonekta ng bluetooth. Ang slash through na simbolo ay nagpapahiwatig na: Hindi Nakakonekta (5).  
{0} (Pahina ?)
3. **Unresolved graphic link (id=40126-100122)** Screen ng i-setup ang menu.
  - a. Icon ng i-setup ang menu (1).
  - b. Gamitin upang i-scan ang QR code (2) sa iSheet.
  - c. Manwal na pag-setup para sa Stage 1 o 2 na speaker, lokasyon ng speaker at white noise upang magtalaga ng mga lokasyon ng speaker.  
{0} (Pahina ?)
4. **Unresolved graphic link (id=40126-100123)** Screen ng equalizer setup.
  - a. Icon ng equalizer setup (1)
  - b. Mga frequency ng tune 7-Band equalizer (2).
  - c. Custom o preset na mga pagpipilian sa equalizer (3).  
{0} (Pahina ?)
5. **Unresolved graphic link (id=40126-100124)** Screen ng diyagnostikong menu.
  - a. Ang icon ng diyagnostikong menu (1) ay nagpapakita ng status ng sound system.
  - b. Buksan ang screen ng speaker testing (2).
  - c. Nire-refresh ang speaker at status ng amplifier (3) matapos ayusin ang component.
  - d. Piliin ang speaker para sa pagsubok at paggana ng white noise (4).
  - e. Bumalik sa screen ng diyagnostikong menu (5).

## MGA PAMALIT NA PIYESA




Figure 3. Mga Pamalit na Piyesa, Kit sa Pagkakabit ng Amplifier

### Talahanayan 2. Mga Pamalit na Piyesa

Item	Paglalarawan (Dami)	Numero ng Piyesa
1	Fairing wire harness	Hindi ipinagbibili nang hiwalay
2	Cable strap (8)	10006